

Tips: Sa Iksameng EQAO sa Grades 3 at 6

Ang Education Quality Accountability Office (EQAO) ay isang ahensiya ng gobyernong pamprubinsiya. Ang EQAO ang nagdedisenyo at nangangasiwa ng mga iksamen para sa lahat ng mga estudyante sa baitang 3, 6, 9 at 10. Sinusulat ng lahat ng estudyanteng nasa baitang 3 at 6 ang iksamen sa loob ng anim na araw sa bandang huli ng Mayo o sa maagang petsa ng Hunyo.

1. Ba't binibigyan ng iksamen ang estudyante?

Ang mga iksamen ay nagbibigay sa magulang, guro, punong-guro at kapulungan ng mga paaralan (*school boards*) ng mga impormasyon kung gaano kagaling ang natutunan ng mga estudyante ayon sa inaasahan ng probinsiya na dapat nilang matutunan sa pagbabasa, pagsusulat at sa matematika.

2. Ano ang pinakahuhulugan ng mga resulta?

Ito ay magsasabi kung ang kakayahan ng iyong anak ay :
Level 1 – mababa sa istandard ng probinsiya
Level 2 – malapit na sa istandard ng probinsiya
Level 3 – nasa istandard ng probinsiya
Level 4 – mas mataas kesa sa istandard ng probinsiya

3. Paano ginagamit ang mga resulta?

Ang matatanggap na ulat ng guro at punong-guro ay magpapakita kung paano ang pagkakaganap ng estudyante sa pagbabasa, pagsusulat at sa matematika. Pag marami sa mga estudyante ang mahina ang resulta sa isang partikular na kaalaman, ang mga titser ay susubok ng mas magandang istrategiya sa pagtuturo o mga kagamitan upang matulungan ang estudyanteng magtagumpay. Kung maraming estudyante sa iba't ibang paaralan ang nahihirapan sa parehong bagay, malalaman ngayon ng *school boards* na kailangang pagbutihin ng lahat ng paaralan ang istrategiya sa pagtuturo o di kaya'y humanap ng mga mas magandang tulong na kagamitan.

Natatanggap ng mga magulang ang resulta ng iksamen ng kanilang anak sa panahon ng taglagas (*fall*). Ang mga resulta ay ipinapadala sa paaralan kung saan umiksamen ang mga estudyante. Ipinapadala rin ng paaralan ang resulta ng mga estudyante na hindi na pumapasok sa paaralan. Kung kayo ay lumipat, at nais ninyong makuha ang resulta, ibigay sa paaralan ang bago ninyong tirahan.

4. Ibinibilang ba sa report kard ang resulta?

Hindi. Ang pagsusulat sa baitang 3 at 6 ay hindi ibinibilang sa marka ng mga estudyante at hindi nakaaapekto sa kanilang progreso o mga hinaharap na oportunidad sa paaralan. Subalit, kailangang ipasa ng mga estudyante ang iksamen sa Literasya o Kurso sa Literasya sa Baitang 6 upang makagradweyt na mayroong diploma o Ontario Secondary School Diploma.

5. Kailangan bang kumuha ng iksamen ang mga estudyanteng nasa ESL?

Oo, bagama't may iilang mga estudyanteng maaaring hindi na pakuhanin ng iksamen kung sila ay bagong dating lamang sa Canada. Ang iba ay binibigyan ng "akomodasyon o kaalwanan" gaya ng mas maraming oras para sa pagsulat ng iksamen, o tahimik na lugar, o pagkakaroon ng taong magbabasa sa kanila ng instruksiyon at mga tanong. Kukunsultahin ng punong guro ang mga magulang tungkol sa pagbibigay ng akomodasyon o hindi pagpapakuha sa estudyante ng iksamen.

6. Ang estudyante bang may pangangailangang espesyal ay kumukuha din ng iksamen?

Lahat ng mga estudyante ay hinihikayat na sumulat ng iksamen ngunit ang ibang estudyante na may espesyal na pangangailangan ay maaring hindi na pakunin ng iksamen. Ang mga estudyanteng ito ay karaniwang may Plano para sa Indibidwal na Edukasyon (IEPs) na nagsasaad ng mga "akomodasyon" o mga "suporta" na tutulong sa kanila upang magtagumpay sa paaralan. Ang mga "akomodasyon" ay makatutulong sa mga estudyante na kumuha ng iksamen sa EQAO. Maaring kabilang dito ang pagkakaroon ng maraming oras para sa iksamen, mas tahimik na lugar, o pagkakaroon ng taong magbabasa sa kanila ng instruksiyon o mga tanong.

Kukunsultahin ng punong-guro ang mga magulang tungkol sa pagbibigay ng akomodasyon o hindi pagpapakuha sa estudyante ng iksamen.

7. Paano ko matutulungan ang aking anak sa paghahanda ?

Walang espesyal na preparasyon para sa mga iksamen. May mga ibang titser na nagbibigay ng halimbawang mga tanong para matulungan ang mga estudyante na maitindihan kung papaano ang mga iksamen. Ang pinakamagandang bagay para matulungan mo ang iyong anak ay siguruhin na siya ay nakapagpahinga at dumating sa paaralan ng nasa oras.

8. Paano makakakuha ng ibang impormasyon?

Tingnan ang websayt ng EQAO: www.eqao.com. Para sa impormasyon tungkol sa eksemphyon at akomodasyon, i-klick ang *Educator Resources* at piliin ang *Administration Guide*.